# ANG LAHI

**Isinulat ni Ismael (Estoy) Mejia**
**Pangulo, ANGKAN NG MEJIA**
**1989 – 1990**

(Ang matutunghayan na akdang-kasaysayan ay piling banghay (synopsis) ng isang aklat-kasaysayan ng "ANGKAN NG MEJIA" na kasalukuyang isinusulat ni Ismael (Estoy) Mejia

Ang bawat panahon ay may bukang-liwayway. Gayundin, ang daloy ng bawat lahi na mayroon din simula na nag-uugnay sa kasalukuyan. At, ang lahi ay ang kalipunan ng isang angkan.

Ang ANGKAN NG MEJIA, bilang isang lahi, ay mayroon din tanging simula at sariling bukang-liwayway sa tangkay ng panahon.

Dakila ang kahapon ng ANGKAN NG MEJIA. Yaon ay isang nakaraan na hitik sa yaman ng lahi, na maka-tao, mapagmahal sa pamilya, sa bayan at sa Diyos. Dahil dito, ang bawat isa na may kaugnayan sa angkan ito ay kailangan gunitain ang simula ng lahing Mejia.

Ayon sa mapapag-katiwalaan tala (records), ang mga ninuno (ancestors) ng mga Mejia sa Pilipinas ay nagmula sa bansang Mexico, na nagtungo sa Islas del Oriente (Pilipinas) bilang guro noong kalahatian ng ika-17 siglo (1750).

Ang pagpapadala ng guro sa Pilipinas ay alinsunod sa Royal Decrees (Cortes) na nag-uutos ng pagtuturo sa mga katutubo at isa rito ay ang Pilipinas, na colonial ng Hispañia. Ang batas hinggil sa pagtuturo ay ipinatutupad noon ng Institucion Royal (Institute of Education) ng Pamahalaan Kastila.

Alinsunod sa nabanggit na batas, isa sa napiling ipadala sa Pilipinas mula sa Mexico upang magturo sa mga katutubo ay si **David Mejia y Gonzales. Si David ay isang Kastila, ngunit lumaki at nagka-isip sa Mexico.** Bunsong anak si David ng mag-asawang **Señor Vicente Mejia at Señora Gregoria Gonzales de Mejia.** Ang panganay ay naging isang pari at napa-destino sa Brazil. Ang pangalawa ay isang Señorita (babae) na ninirahan sa Hispañia na kapiling ng kanyang kabiyak ng dibdib na kawani ng Cortes (Congress). Ang pangatlo ay tinyente sa "Royal Army" ng Hari. At, ang bunso ay si David na isang "sociologist" ng sangay ng siyensiya panglipunan (Sociology).

Mahigpit ang naging pagtutol ng ina ni David sa pasya ng Institucion Royal na ipadala si David sa Islas del Oriente (Pilipinas), anupa't si David ang kanilang bunsong anak at siya lamang ang tanging kapiling ng ina. Ngunit, si David ay ang pangunahin

nakapasa sa pagsusulit sa "Academia de Institucion" na may kaalaman sa nabanggit na pagtuturo sa mga katutubo.

Si David ay may angkin talino at higit siyang malapit sa mga "peonas" (peasants of Mexico). At, sa gulang na 22 taon siya ay matatag at maginoo.

Bago naglayag si David patungo sa Oriente (Pilipinas), isang banal na misa ang idinaos sa pantalan Acapulco. Ang nag-misa ay ang kapatid na pari ni David, na naglakbay pa mula sa Brazil upang handugan ng isang misa ng pamamzalam ang bunsong kapatid. Yaon ay hiling ng kanilang ina.

Matapos ang pagdaraos ng banal na misa, ay tuluyan ng tumulak ang barkong Galleon na lulan si David. Inihatid siya ng luha ni Señora Gregoria. Pinabaunan naman siya ng dalangin ng paring kapatid. Si Señor Vicente naman ay nanatiling matatag, palibhasa ay dati siyang Commandante ng Regimen (Royal Army) sa Mexico.

Nang malayo na sa pantalan ang barkong Galleon at ng hindi na maaninag ni David ang ina, hindi na rin napigilang dumaloy ang luha sa kanyang mga mata, sapagkat sumagi sa kanyang isipan ang agam-agam na matanda na nga rin ang kanyang ina at maaaring tuluyan dalawin yaon ng pagkakasakit na maging daan ng hindi na nila muling pagkikita.

Pagkaraan ng walong (8) buwan paglalakbay sa dagat ng "Pacifico at Indies" ang Galleon ay maluwalhating dumaong sa pantalan ng Intramuros sa Maynila. Tag-sibol ng dumating sa Maynila ang barkong Galleon na kinalululanan ni David. Labis na humanga ang bagong dating na guro sa anyong kagandahan ng buong kapaligiran ng Intramuros. Isang kapatagan na nalalaganapan ng pinong luntian damong parang (Baret) na nagsisimula sa patio ng Sampaloc hanggang Tondo sa kanluran.

Mula sa pantalan ng Intramuros ay kinaon ng Kura Paroko ng Kathedral (San Miguel) si David. At, lulan ng isang karitela nagtungo sila sa Kathedral. Sa simbahan ay ibinigay ni David sa punong pari ang dalawang mahalagang papeles na dala niya.

Ang una ay ang kanyang "accreditacion" mula sa Institucion Royal ng Pamahalaan Hispañia, at ang pangalawa ay ang personal na liham mula sa kanyang paring kapatid. Labis na humanga ang punong pari ng Kathedral dahil **"par excelente"** ang kaalaman (education) ni David. Nang tunghayan naman ng pari ang pangalawang liham ay napangiti ito, mahigpit ang habilin ng liham na sa **Congregacion de Immaculada Concepcion Missionaries (CICM)** iugnay si David, sapagkat yaon ang pangkatin na kinabibilangan ng kanyang kapatid na alagad din ng Diyos.

Samantalang si David ay nakatigil sa Kathedral ng Maynila ay nagkaroon siya ng pagkakataon na makadaupang-palad ang mga Hermano Mayor ng Kamaynilaan.

Sa pook rin ng Talampas nakilala ni David si **Maria, ang anak na dalaga ng ika-labing tatlong (13th) Cabeza de Barangay.** Naging makulay ang pagkakilala nina David at Maria. Hindi naglaon ay nagka-ibigan ang dalawa. Subalit, tutol ang pamunuan ng Congregacion sa pag-iibigan nina David at Maria, sa dahilan napipita ng Presidente ng Ayuntamiento ng Maynila (City Mayor) si David para sa kanyang anak na dalaga, isang ganap na Señorita (Spanish lady). Ngunit, naging matatag si David. Sinunod rin niya ang tibukin ng kanyang puso para kay Maria. At, ng araw ng kapistahan ng Immaculada Concepcion isang buwan ng Disyembre (tinatayang 1756) ay nagpa-kasal sina David at Maria. Hindi dumalo sa kasal si Padre Valerius. Nagtungo siya sa Kathedral ng San Miguel sa Intramuros ng araw ng kasal.

Hindi nagluwat nang ganap ng matapos ang kasalan ay dumating naman ang pagtutol sa kanilang kasal mula sa Mexico, ngunit naging matatag pa rin si David sa kanyang pasiya na makapiling si Maria, na isang katutubo.

Upang lubos na matamo ng dalawang nag-iibigan ang ganap na katahimikan sa buhay, sila ay nagpasiya na mamalagi sa Talampas (Bagumbayan) at doon sila kapwa namuhay.

Matagal rin panahon namuhay ang mag-asawang David at Maria sa Sitio Talampas (Bagumbayan). Naging mabuting asawa si David. Lagi niyang inuunawa si Maria. Ang kanyang pagiging isang "sociologist" ay higit na nakatulong sa kanilang pagsasama. Nauunawaan rin niya ang ugali ng bawat kamag-anak ng kanyang asawa. Naging tanungan si David ng mga suliranin ng bawat isa sa pook ng kanilang tirahan at ng malalayong pook. At nawili naman makipamuhay sa kanila si David.

Ang mag-asawang David at Maria Mejia ay nagkaroon ng apat na anak. Sila ay sina **Nicolas Mejia, Eduarda Mejia, Felipe Mejia at Domingo Mejia.** Ang pagkakaroon ni David ng anak ay lubos na nagpabago sa anyo ng kanyang buhay. Higit na napamahal sa kanya ang mga katutubo, sapagkat sila ay kalahi ng kanyang mga anak at sila ay kauri ng babaing minahal niya.

Habang patuloy na naglalakihan ang mga anak ni David ay higit naman napapalapit sa puso ni David ang mga katutubo. Ngunit, ang bagay na ito ay hindi nakabuti sa buhay ni David, sapagkat unti-unti niyang naituturo sa bawat katutubo ang kanilang mga karapatan sa lupa, lalu't higit ang patuloy na pagbabayad ng buwis sa lupa na kanilang binubungkal. Sanhi niyon ay maraming tiga-Pasig, Marikit-na, Antipolo, San Mateo at Montalban ay naging atubili sa pagbabayad ng buwis sa lupa. Tuloy, ang mga Kabezas ay nangagagahol sa pangangalap ng mga buwis sa lupa.

Anupa't naging higit na masigasig ang mga katutubo na nagbubungkal ng malaking lupain sa kapaligiran ng Pasig, Marikit-na at Antipolo ng higit nilang maunawaan ang kanilang mga karapatan sa kanilang mga lupa ngunit atubili naman sila

sa pagbabayad ng buwis sa mga lupaing minana pa nila sa kanilang mga ninuno ng wala man lamang pinanghahawakan "titulo possessoria". Bunto't ng makabuluhang pagpapaliwanag ni David na may kinalaman sa mga karapatan ng lupa (titulo possessoria) siya ay naging mistulang "Bacheler" (abogado). Ang kanyang pangalan ay nakilala kahit sa kabilang bayan ng kanugnog ng Montalban (dakong Bulakan). Ang pangalan rin ni David Mejia ay naging bansag at nakilala sa mga bayan kanugnog naman ng Antipolo (tinataya na ang mga bayan tinutukoy ay mga bayan sa Laguna) sa dakong silangan ng Antipolo. Sanhi ng mga paliwanag na isinagawa ni David sa mga katutubo ukol sa kanilang mga karapatan sa lupa, ay lubhang nabawasan ang dating ibinabayad na buwis sa lupa. Ang mga Cabezas (de barangay) ay nagahol sa pagsusulit ng likom na buwis. Ang kabawasan ng singil sa buwis ay labis na ikinagalit ng mga Gobernadorcillo (Town Mayors). Nagalit rin ang Punong Ayuntamiento (Provincial Governor).

Bunga ng malaking kabawasan ng kaukulan bayad sa buwis, yaon ay itinuring na kagagawan ni David. Sanhi nito, siya ay pinatawag ng tanggapan ng Gobernadorcillo sa Pasig. Si David Mejia ay pinagharap ng dalawang (2) sumbong: Una, Kawalan ng Katapatan sa Hari ng Hispañia (Disloyalty to the Crown of Spain); at, ang pangalawa, Paglabag sa Doktrina Regalia (Regalian Doctrine), na ang kahulugan ay ang lahat ng lupa sa Pilipinas ay pag-aari ng Pamahalaan Hispañia.

Nang dumating si David sa gusali "de Naturales" sa Pasig ay naroon ang Kastilain Gobernadorcillo, si Padre Valerius at ang 12 Cabezas de barangay. Ang ika-13 Cabeza, na biyenan ni David ay hindi dumalo.

Bago nagsimula ang pag-uusap sa harap ng Gobernadorcillo ng Pasig (Town Mayor) ay hiwalay munang nag-usap sina Padre Valerius at David . Ipinaliwanag ng pari kay David ang magiging paksa ng kanilang pag-uusap sa harap ng Punong Bayan. Ang paksa ay ang mga habla laban kay David. Pinakiusapan rin ng pari si David na humingi ng tawad sa Gobernadorcillo at tuloy kanyang ipangako na kanyang pangungunahan ang paniningil ng mga buwis sa lahat ng katutubong "proprietaryo". Hindi sumagot si David, ngunit kinakitaan siya ng pangangalit ng mga bagang.

Ang pag-uusap sa harap ng Gobernadorcillo ay naging mainit at lubhang naging maselan. Hindi nagbaba ng kalooban si David, na labis na ikinalungkot ni Padre Valerius VanklausDek, sapagkat si David ay matapat sa Doctrina Katolika Romana, ngunit lubhang makiling sa mga "peonas" (peasants). "Indios" naman ang bansag sa mga katutubong Pilipino. Sa gitna ng mainit na pagtatalo, ay minabuti ng Gobernadorcillo na kunin ang panig ng mga Cabezas de barangay. Ngunit, ang mga Cabezas ay nahati sa kanilang pagpapasiya sa mga usapin ni David. Anim (6) na Cabezas ay pumanig kay David at anim (6) naman nito ay sumalungat. Upang tuluyang mabali ang equilibria (balance) ay tuluyan pumanig ang Gobernadorcillo sa panig ng 6 na Cabezas na laban kay David Mejia, hindi ang Simbahan Katoliko ang nagkanulo sa kanya (Act of betrayal), kundi ang mga "sipsip" at "balimbing" na mga tauhan ng pamahalaan ng binubuo ng Gobernadorcillo (Mayor) at ilan mga Cabezas de Barangay.

Hindi naglaon ay hinuli si David. Dinakip siya ng mga Guardia Civil. Nang mapag-alaman ni Padre Valerius ang pagkaka-dakip kay David, agad na kinausap ng pari ang Kapitan ng mga Guardia Civil na sa karsel na lamang ng gusali de "Naturales" ipiit si David upang laging nadadalaw ni Maria. Ngunit tumanggi ang Kapitan sapagkat wala sa jurisdicion (saklaw) ng "ley locale" ang mga sumbong kay David. Tanging ang Gobernador General (President) ang mapagpapasiya sa kaso ni David. Kaya't iniluwas si David sa Maynila at sa Fort Santiago siya ipiniit.

Samantalang nasa Fort Santiago sa Maynila si David, dinalaw siya ng una Bacheler Ley (Abogado ng Gobernador) mula sa tanggapan ng Gobernador General (President), kasama ang punong Escribano ng Kathedral, kasama rin sina Padre Valerius at ang may bahay ni David, si Maria. Sa pagkakataon iyon ay ipinaalam ng Bacheler Ley na ibig ng Gobernador General na pabalikin si David sa Mexico. Ngunit, tumanggi si David, sapagkat matimbang sa kanya ang kinabukasan ng kanyang mga anak. Sa patuloy na pagtanggi ni David sa kagustuhan ng Gobernador ay namagitan si Padre Valerius. Higit na makabubuti kay David na sundin ang Gobernador kaysa manitili siya sa piitan, ang payo ng pari kay David. Ang kalagayan niya sa Fort Santiago ay higit na malaking pasanin para kay Maria at sa kanyang mga anak. Sa huli ay napahinuhod rin si David na bumalik sa Mexico, ngunit sa isang kundisyon na ipagsasama niya ang kanyang pamilya. Anupa't tumanggi ang Bacheler sapagkat mahigpit na ipinagbabawal ng batas ng Galleon ang maglulan dito ng mga menor de edad (mga bata) na wala pang labing-apat (14) na taon gulang. Batay sa batas na ito tanging si David, Maria at Nicolas (panganay na anak) lamang ang maaaring lumulan sa barko. Noon ay 15 taon gulang na si Nicolas, samakatuwid si Eduarda, Felipe at Domingo ay maiiwan. Bunga ng balakid ng gulang (age impediment) ay nag-usap sina David at Maria. Ipinaki-usap ni Maria sa asawa na sundin niya ang kagustuhan ng Gobernador General at ipagsama na lamang niya si Nicolas patungo sa Mexico at siya (Maria) ay maiiwan sa tatlo pa nilang anak. Buo ang pag-asa ni Maria na muli silang magkikita kapag nasa wastong gulang na ang tatlo pa nilang anak. Mabigat ang kalooban ni David na sumang-ayon sa pasiya ni Maria.

Buwan ng Agosto ng gumaod ang barkong Galleon na lulan ang mag-amang David at Nicolas patungong Mexico. Hindi na nagtungo sa pantalan si Maria, sapagkat labis pang magdaramdam si David kung Makita niya si Maria at ang tatlo pa nilang anak sa kanyang pag-alis. Si Nicolas ay inihatid na lamang ni Padre Valerius at ng kanyang lolo Cabeza (ang ika-13 Cabeza ng Pasig). Ang paglalayag sa malawak na dagat ng Pacifico at Celebes ay lubha rin mapanganib kung buwan ng Agosto, sapagkat maraming sigwada (bagyo) ang buwang nabanggit, ngunit sinamantala ng Kapitan ng barko ang napabalita na paglisan ng "British Fleet" sa dagat Celebes (Celebes Seas) patungo sa India, sanhi ng isang

pag-aaklas (rebellion) na noon ay nagaganap sa lupalop ng India (Indian Continent).

Ang pangamba ng panganib ng paglalakbay-dagat kung buwan ng Agosto ay hindi nagkabula. Nang sumapit ang barkong Galleon na kinalululanan ng mag-amang David at Nicolas, sa dagat Palawan (Celebes Seas), isang malakas na unos ang sumalubong sa Galleon. Agad naman kumilos ang Kapitan at buong tripulante ng barko upang maka-iwas sa unos ng bagyo. Upang lubos na makaligtas sa puyo ng hangin, ipinasiya ng Kapitan na gumawi sa gawi ng dagat Tsina (China Seas) patungong pulo ng Bolinao sa Pangasinan upang makapagkanlong sa gilid ng isang malaking isla (Bolinao). May ilang araw rin tumigil ang Galleon sa baybayin ng pulo ng Bolinao habang nanalasa ang bagyosa kapaligiran.

Nang lumipas ang sigwada, nagpasiya ang Kapitan ng Galleon na ipagpatuloy na ang nabalam na paglalakbay-dagat. Ngunit bago tuluyang gumaod ang barko ay minabuti muna ng Kapitan na basahin ang "Manifesto" ng barko. Nang dumating ang pagtawag sa mga pangalan nina David Mejia at Nicolas Mejia, ay kapwa walang sumagot. Hindi nagbitiw ng pangungusap ang Kapitan manapa'y isang makahulugang ngiti ang kanyang isinukli.

Totoo na wala na sa barko ang mag-ama. Bago pa lamang magtilaok ang manok sa baybayin ng Bolinao, ang mag-amang David at Nicolas ay nagpadausdos na mula sa barko sa pamamagitan ng isang lubid na ibinigay mismo sa kanila ng Kapitan ng barko.

Mula naman sa gilid ng barko ay lumulan ang mag-ama sa isang bartel (bateau) na naghatid sa kanila sa dalampasigan ng Lingayen (Lingayen Gulf). Minabuti ng dalawa na hindi mamalagi sa Lingayen, Pangasinan. Naglakbay sila at nagtungo sa pusod ng Pangasinan sa dakong hilagang silangan (North East). Natuklasan ng mag-ama ang pangakong yaman ng pook na kanilang dinatnan. Isang malaking lupain (frontier) na kulang sa pag-aaruga. Sanhi nang masidhing pagnanais ni David na makatulong sa mga katutubo ng Pangasinan sa kanilang mga adhikain na mapaunlad ang pook na nabanggit, nagpasiya siya na tumigil muna silang mag-ama sa pook na yaon habang nagpapalipas ng panahon upang tuluyan bumalik sa Pasig. Ayaw ni David na agaran silang bumalik sa Pasig sapagkat iniiwas niya na masangkot ang kanyang anak sa isang usapin ng "conspiracia" dulot ng pag-takas sa barko.

Naging masigasig ang mag-amang David at Nicolas sa pakiki-isa sa mga tiga-Pangasinan sa kanilang matiyagang pagtatatag ng kanilang bayan. Isa sa mga bayan (settlements) na pinangunahan ng mag-ama, lalong higit si Nicolas, na

anting (amulet). Katulad ng kanyang mga kapatid, si Domingo ay humanap din ng kabiyak ng dibdib. Ang kanyang naging asawa ay tubo sa kabilang ilog (Santolan, Pasig) at umuugnay sa angkan ng Santos at Dumandan na nayon ng Santolan (Pasig). **Anim (6) ang naging anak ni Domingo Mejia at Gregoria Santos, ito ay sina : Victorio, Estanislao, Crispina, Sergio, Mariano at Eugenio.**

Isang sulyap sa Pangasinan: Si David ay tuluyang nagka-sakit. Naging masidhi ang kanyang pagnanais na makita si Maria. Nagpaalam siya kay Nicolas at sakay ng isang kabayo ay nagsimula siyang maglakbay sa malawak na lupain na laganap ang mga tulisan. Pagkalipas ng tatlong buwan ay sinapit niya ang Pampanga at doon ay nasumpungan niya ang kanyang anak na si Felipe. Subalit, habang si David ay nasa bahay ni Felipe ay bumibigat ang karamdaman nito. Pinayo ng isang siruhano (doctor) na ipagpaliban ang kanyang paglalakbay patungong katagalugan (Pasig).

Samantala, mula sa Antipolo ay dinalaw ni Eduarda sa kanyang ina na si Maria at ipinasiya ni Eduarda na dalhin ang kanyang ina sa Pampanga upang magkita ng kanyang ama. Sa tulong ng kanyang asawa at biyenan, si Eduarda ay bumuo ng isang "cabalhiera" (cavalcade) ng mga taong nakasakay sa kabayo upang ihatid si Maria sa Pampanga. (Kailangan ang nabanggit na tropa ng kabayuhan (horse riders) upang magsilbing guia (security) sa mga mapanganib mula sa mga palanas patungo sa Bulakan, Pampanga at Tarlac ng mga panahon yaon laban sa mga tulisan (Landrones).

Isang luksang tanawin ang naghihintay kay Maria sa Pampanga. Nang dumating siya sa bahay ng anak na si Felipe ay tatlong araw ng nailibing ang kanyang asawang si David (Note: Nang panahon iyon ay walang embalsamo kaya't hanggang tatlong araw lamang ang burol ng yumao). Sa isang luksang puntod malapit sa isang simbahan pambayan ay luhaan dinalaw ni Maria ang libingan ng asawa, na di man lamang niya nakaniig o kaya ay nasilayan ng mahabang panahon. Matapos ang pa-siyam ng asawa, ay bumalik na si Maria sa Pasigan, na waring napawi na rin ang tinik sa luksa niyang puso, sapagkat nagkaroon ng kahit na bahagyang katuparan ang kanyang pananalig na muli silang magkitang mag-asawa.

Mula sa isang matatag, matapang, makatao at maka-Diyos na banyaga (si David) at sa isang matapat, mapagtiis, mapagmahal na katutubo (si Maria), ang lahing Mejia ay sumanib sa angkan ng mga Amora, Angeles, Aquino, Aurelio, Alvarez, Alfonso, Avellana, Altea, Amagsila, Alcantara, Bonifacio, Bautista, Barmachea, Bernal, Borja, Dumandan, Bernardo, Catuñgal,Campo,Dela Cruz, Cruz, Conde, Concepcion, Del Rosario, De Guzman, Dimagila, Dancillo, Enriquez, Espiritu, Flores, Fuentes, Gancayco,Gatchalian, Gongon, Gerona, Hizon, Intalan, Ison, Jacinto, Joseph, Katipunan, Labuguen, Lazatin, Lapena,

Llantada, Legaspi, Lopez, Manalo, Martin, Miraflor, Mendoza, Orille, Peco, Pasco, Dela Paz, Pio, Piñga, Patajo, Poe, Que, Quintos, Rayos, Raymundo, Regio, Reyes, Robles, Rodriguez, Salonga, Santos, Salangsang, Saguisag, Sumulong, Sta. Ana, Torres, Tuazon, Umali, Victorino, Villanueva, Wenceslao, Wong at iba pa.

At mayroon isang hula (a prophecy) na may isang panahon sa hinaharap ng ating bansa, na ang tanging puno ng buong bansa (Pangulo) ay magmumula sa ANGKAN NG MEJIA at sa kanyang patnubay, ang bansa ay higit na magiging dakila at matatag, bukod pa sa maraming pangunahing katungkulan pampulitika, relihiyon, ekonomika, sibika, batas at edukasyon na nagmumula at sumisibol sa angkan.

Samakatuwid, ang ANGKAN NG MEJIA ay katulad rin ng isang hardin na buhay na patuloy sa kanyang pagbibigay ng alindog sa ikadadakila ng lahi, ng bayan at kaluwalhatian ng dakilang Diyos.

Kung gayon, ang bawat isang Mejia at bawat lahi rin na may kaugnayan sa ANGKAN NG MEJIA ay may pananagutan na gunitain ang dakilang alamat (legend) ng kanilang angkan. Dahil dito, sa ika-13 ng Mayo 1990, sa pook ng Rainforest, Maybunga, Pasig, Metro Manila, ay magkakaroon ng isang "Grand Reunion" ang ANGKAN NG MEJIA na magsisimula sa ika-9:00 ng umaga. Ang buod (theme) ng nabanggit na reunion ay "KAMUSTAHAN '90".

Ipinakikiusap na dumalo ang bawat isa.

Nagaanyaya,

ESTOY F. MEJIA

RE-PRINTED BY:

Lenie W. Mejia

MA. MAGDALENA W. MEJIA

Llantada, Legaspi, Lopez, Manalo, Martin, Miraflor, Mendoza, Orille, Peco, Pasco, Dela Paz, Pio, Piñga, Patajo, Poe, Que, Quintos, Rayos, Raymundo, Regio, Reyes, Robles, Rodriguez, Salonga, Santos, Salangsang, Saguisag, Sumulong, Sta. Ana, Torres, Tuazon, Umali, Victorino, Villanueva, Wenceslao, Wong at iba pa.

At mayroon isang hula (a prophecy) na may isang panahon sa hinaharap ng ating bansa, na ang tanging puno ng buong bansa (Pangulo) ay magmumula sa ANGKAN NG MEJIA at sa kanyang patnubay, ang bansa ay higit na magiging dakila at matatag, bukod pa sa maraming pangunahing katungkulan pampulitika, relihiyon, ekonomika, sibika, batas at edukasyon na nagmumula at sumisibol sa angkan.

Samakatuwid, ang ANGKAN NG MEJIA ay katulad rin ng isang hardin na buhay na patuloy sa kanyang pagbibigay ng alindog sa ikadadakila ng lahi, ng bayan at kaluwalhatian ng dakilang Diyos.

Kung gayon, ang bawat isang Mejia at bawat lahi rin na may kaugnayan sa ANGKAN NG MEJIA ay may pananagutan na gunitain ang dakilang alamat (legend) ng kanilang angkan. Dahil dito, sa ika-13 ng Mayo 1990, sa pook ng Rainforest, Maybunga, Pasig, Metro Manila, ay magkakaroon ng isang "Grand Reunion" ang ANGKAN NG MEJIA na magsisimula sa ika-9:00 ng umaga. Ang buod (theme) ng nabanggit na reunion ay "KAMUSTAHAN '90".

Ipinakikiusap na dumalo ang bawat isa.

Nagaanyaya,

ESTOY F. MEJIA

RE-PRINTED BY:

Lenie W. Mejia

MA. MAGDALENA W. MEJIA